Salaysây, Sagisag, Salitâ

Kritikang Patulâ sa Kultura ng Dahâs at Dayâ

Albert E. Alejo, SJ

Abstrak

Kapalit ng isang akademikong papel, malay na ginagamit ng artikulo ang anyo ng pagtula bilang lunsaran ng pagsusuring panlipunan. Naghahain ang tatlong tula dito ng magkakaibang kondisyon ng pagkatha. Ang unang dalawang bahagi, ang "Sumpa sa Salita," at "Tubaw" ay isinulat sa konteksto ng pagsasalita sa harap ng mga pagtitipon, pampanitikan man o relihiyoso, pagdiriwang o pakikiisa sa isang tunguhin. Samantala, ang ikatlong bahagi, ang "Bikoy, Anyare?" ay bunga ng personal na pakikisangkot ng may-akda sa pakikibakang panlipunan. Sa paggamit ng tula bilang anyo ng pagsusuring panlipunan, kinukuwestiyon din ng mga inihain ditong pagkatha ang hangganan ng panitikan at pakikibakang panlipunan, ng pagsusulat at pagsasapraktika ng panulat.

Mga Panandang Salita

tula, pagsusuring panlipunan, panitikan, salita, Simbahan

Kasabáy ng malagím na pagpatáy sa libo-libong mga dukhâ sa ngalan ng Giyera Kontra Droga, may nagaganáp ding kung tutuusi'y singlagím din na pagkatay sa ating kultura. Kitang-kita ito sa sari-saring paraán ng paglapastangan sa salitâ, sa pagpapauso ng sangá-sangáng dila, sa pagbabaliktad ng totoó, sa harap-harapang panlalansi at pandarayà, at sa pagtatakíp sa mga sumisingaw na baho ng pamumunò. At masakláp pa, ang lahat ng ito ay ginagawáng katatawanán lang ng mga payasò ng palasyo. Hindî sapát ang karaniwang iskalpel sa pagtistís sa ganitóng kanser ng lipunan. Kailangang umambág ang panitikan sa ganitong operasyon.

Ang maiklíng akdang ito ay isang kontribusyón sa literatura ng pagsusuring panlipunan na dinadaán sa mapanuring panitikán. May tatlóng bahagi ito na pulós patulâ. Ang una ay hangò sa konteksto ng parangál sa makatà bilang budhî ng bayan. Habang nagpapasalamat sa pagpupugay sa makatà, tinutukláp naman ang mga anyô ng paglapastangan sa salitâ. Ang pangalawa ay binigkás sa konteksto naman ng sama-samang pagkilos ng mga taong Simbahan, upang bigyáng-kahulugán ang pagsusuot ng tubáw na nakaugát pa sa pakikibaka laban sa nailibíng na ngunit bumabangong diktadura. At ang pangatló ay isang pang-uusig-budhî kay Bikóy, na sa una'y nanindigan bilang testigo laban sa sindikato ng droga, ngunit bigláng pumihit at siya mismo ang nagpasinungaling sa sarili niyang sinumpaáng salaysáy. Lilitáw na si Bikóy ay larawan lamang palá ng buong sambayanang naging baliktarin. Biktima sa lahat ng ito ang kultura at kabihasnáng dapat sana at nakabatay sa totoó, tamà, at tapát.

I. Sumpâ sa Salitâ[1]

"Matutukláp ang dayà,
Matatanghál ang tamà,
At magtátakip-mukhâ
Ang nangágwaláng-hiyâ."

Isang Kahig, Isang Tulâ[2]

Loób ko pô ngayóng samantalahín itong pagkakataón
Upang pasalamatan ang lahát ng indibiduwál at institusyón

1 Sa pagtanggap ng parangal sa ika-34 na Gawad Ustetika ng Unibersidad ng Santo Tomas noóng ika-30 ng Marso 2019.

2 Albert Eduave Alejo, SJ. 'Tuklap.' Nasa Isang Kahig, Isang Tulâ: Mahigit 200 Tanagà. Naga City: Ateneo de Naga University Press, 2019.

Na sa gitnâ ng dahás at dayà ng kasalukuyang panahón
Ay nagpupugay pa rin, hindî lang sa bangó at bangís ng tulâ,
Kundi magíng sa bisà at biyayà ng mismong SALITÂ.

Laganap ngayón ang pagsalaulà at pag-alipustâ sa salitâ.
Uso ngayón ang pagmumurá, pambabastos, at pangungutyâ.
Pinapálakpakán ang pagbibirô at pagpapatawá nang malaswâ.
Sinasaluduhan ang pinunò na punô ng patutsadang masagwâ.
lpinápakalat ang kasinungalingan at baluktót na pagbabalità
Binabasbasán ang sumusunod sa utos ng pagpuksâ sa dukhâ.
Tinatakpán ng kartón ang bangkáy upang dî magmukháng kapwà.
Pinatátahimik ang mga nagsusurì at ang nag-iisip nang malayà.
lbinábasura ang batás, nagpapautô sa diktá ng ibang bansâ.
Iniiwasan ang talakayáng malalim, at iniibá lagì ang paksa.
Ginagawáng palusót ang paggamit ng kunwari'y talinghagà.
Pinalalampás ang pag-aalimurà sa Simbahan at maging sa Maylikhâ.
Ang salitáng nakakabít sa totoó ay wináwaláng-bahalà.

Kalimutan na pô ninyo ako, huwag lang ang aking babalâ:
Ang lipunang waláng paggalang sa tamang salitâ
Malamáng ay walâ ring katapatan sa panunumpâ.
Ang bayang walíng pitagan sa timbáng ng panunumpâ,
Paano pang maaasahan na aáko't aangkín sa sariling lagdâ?
Ang kultura ng pagtakwíl sa sariling pangakò at lagdâ,
Dî mo matitiyák kung handang magbiláng ng wasto at tamà.

(Paano masasabing nakikinig tayo sa Salitâ ng Maylikhâ
Kung di tayo marunong magbigáy-pitagan sa makataong katagâ?)

Ubod nang layò na natin sa panahón na kita'y dakilà:
Sa Artikulo 6 ng ***Kartilya ng Katipunan***, pakinggán ang panatà:
"Sa taong may hiyâ, ang salita'y panunumpâ."
Kaya't kung tunay tayong nagpupugay at dumarakilà
Sa natitiráng tagapagtanggól at tagapagtanghál ng wikà,
Halinang sa salitâ, sa totoó at tamang salitâ, tayo pô'y tumayâ!

Bilang pangwakás, nais ko pông umusál
Ng maikling dasál alang sa bayan nating mahál.

Doón Nawâ[3]

Doón sa waláng takot ang diwà at taas-noó ang sambayanán;
Doón sa ang karunungan ay malayà at hindî bayarán;
Doón sa daigdig na hindî pa tadtád ng pantayo-tayong kakitiran;
Doón sa ang salita'y umaahon mulâ sa pusod ng katotohanan;
Doón sa ang pagbabanát ng butó'y may hatid na kaginhawahan;
Doón sa ang malinaw na batis ng katwiran ay hindî pa naliligaw
sa mapangláw na buhangin ng ugaling waláng kabuhay-buhay;
Doón sa ang isip ay lyong inaakay sa papalawák na diwà at galáw–
Doón, Amáng mahál, doón sa kanlungan ng kalayaan,
Doón Mo itulot na nawá'y mamulat ang aking Iníng Bayan.

II. Tubâw[4]

Tubáw : Tugón ng Bayang Napukaw.
Tubáw : Tumindig, Bumangon, Sumigáw.
Tubáw: Tungo sa Bagong Araw.
Tubáw: Tunay na Bayani'y Gumálaw!

Sabáy-sabáy natin ngayóng isuót ang ating mga tubáw,
Sa ulo man o sa dibdíb o kung nais n'yo'y sa bisig o kamáy
Bilang tandâ ng ating nababuô at sama-samang paggaláw
Udyók ng pananampalatayang handang mag-alay ng buhay.

Ang tubáw, sa unang tingín, ay isa lamang simpleng alampáy
Na karaniwang hinahabi ng mga tribu sa Mindanáw,
Ngunit itó'y munting watawat na matibay at makulay,
At higít sa lahat, sa kasaysayan kanyá tayong iniuugnáy.

Sa madugong panahón ng diktadura at Batás Militár,
Tubáw ang naging sagisag ng mga taong palabán.
Sa gitnâ ng laganap na paghihirap at pagdarahóp,

3 Rabindranath Tagore. Nasa Albert E. Alejo, SJ. Nabighani: Mga Saling Tula ng Kapwa Nilikha. Manila: University of Santo Tomas Press 2015.

4 Binigkas ito sa harap ng malaking kalipunang Kristiyano na pinagkaisa ng panawagang "One Faith, One Nation, One Voice," ginanap sa Liwasang Rajah Sulayman noóng ika-25 ng Enero 2019. Sa kaniyang talumpati, sinabi ni Manila Auxiliary Bishop Broderick Pabillo na "Ang Simbahan ay hindî na tatahimik kundi sama-samang maninindigan." Bahagi ng pagtatanghal ang kolektibong pagsusuot ng masagisag na tubaw.

Si Imelda'y pulós mararangyáng damít ang suót.
Hindî ngâ ba't nabantóg ang libo-libo niyang sapatos
At mamahalíng kuwintás at alahas na pulós kinurakot?
Sa panahóng iyón, tubáw ang naging taták ng protesta.
Sa karaniwang damít o pantalóng maóng, pawisáng kamiseta,
Backpack na pasikíng na yari pa doón sa Cordillera,
Tubáw ang tanging muntíng palamutî ng damit-aktibista.

Nagamit ang tubáw bilang talukbóng sa ulo,
Tubáw rin ay tuwalyang pinampahid sa pawis ng noó.
Tubáw ang pantabing sa mukhang tinitiktikan ng espiya.
Tubáw ang pantakíp sa mataáng tiní-teargas sa martsa.
Tubáw ang pantapal sa malalim na sugát, at kagyatang lunas
Pag ang payapang pagtutol ay sinagót ng dahás.

Ngayón, sa haráp nitóng bagong diktadurang mabagsik,
Itó ring tubáw ang siyang magagamit na banál na pilantik!

Kayat halina, sa pamamagitan ng pagsusuót natin ng tubáw,
Idugtóng natin ang tinig at pintig sa mahabang salaysáy
Ng maraming Pilipinong nagmahál sa lupang tinubuan,
Sa madugô at makulay na karanasán ng katutubong pamayanan,
Sa lahát ng kapatíd nating nagkuwintás ng simpleng pamumuhay
Sa lahát ng nag-alay at mag-aalay pa ng siglá at sikháy
Sa tanáng pinukaw ng pananámpalatayang nagbibigay-buhay.

Basbasán Mo nawâ ngayón, ngayón, O Poóng Maykapál
Itong aming sama-samang pagtubáw at pagbibihis-dangál.

III. Bikóy, Anyare?

Noóng Abril 2019, limáng yugtô o episode ng video na pinamagataáng *"Ang Totoong Narcolist"* ang kumalat sa social media. Sa mga video, isang nakatalukbóng na testigo na tinaguriang si *Bikóy* ang naglahád ng koneksyón ng administrasyón sa sindikato ng droga. Noóng Mayo 6, nagpakilala si *Bikóy* sa kanyang totoóng pangalan. Sa kanyang *Sinumpaang Salaysay*, pinatotohanan niya ang lahat ng nilalamán ng video. Subalit pagdatíng ng Mayo

23, nagulantáng ang lahat nang, sa haráp ng telebisyón, kasama ang kanyang ina at kapatíd, biglâ niyang binaliktád ang kanyang testimonya. Sinamantalá naman ito ng pinakamatataás na opisyál ng pulisyá upang magsampá ng kasong sedisyón at cyberlibel sa mahigít tatlumpung indibiduwal, kasama na ang bise-presidente ng bansa, mga senadór, abogado, pribadong personahe, apat na obispo at mga kaparian. Ang sumusunod na pagninilay ay isang malikhaing pagtarók sa kalooban ni *Bikóy*, hindî lamang sa kanya bilang indibiduwál kundi bilang larawan ng maraming sektór ng lipunan na nasanay na sa waláng-kuráp na pagsisinungalíng at pagbabaliktád ng katotohanan.

> *'Lumingón si Jesus at tinitigan si Pedro. At naalala ni Pedro ang salitâ ng Panginoón, "Pedro, bago tumilaok ang manók, tatlóng ulit mo akong ipagkakanulô." Kaya lumabás si Pedro at umiyak na nagsisikíp ang dibdíb.'* (Lucas 22:61-62)

Bikóy, ano'ng nangyari?

Biglâ kang lumabás sa telebisyón, ang aga-aga.
May mga kasama kang unipormadong pulís,
pinakamatataás ang posisyón!
Katabí mo ang nakilala mong Nanay
at ang kinakapatíd mong si Joseph.
Umiiyák sila at alaláng-alalá sa iyó.
Ikáw ngâ ba 'yun? Ikáw ngâ!
Bikóy na Bikóy, pero ibáng-ibá na. Nagbago ka.
At bakit mo tinanggál ang kuwintás na krus
na lagì mong suót-suót? Bikóy, ano'ng nangyari?

Bikóy, bakit biglâ mong binaliktád
ang katotohanang gustóng-gustó mong ilantád?
Paano mong nasabi na gawâ-gawâ lang ng ibáng tao
ang lamán ng video na galing sa iyong dokumento?
At hindî ba ikaw mismo ang nagpakahirap
na makuha ang mga dokumento
mulâ sa kasama mo noón sa sindikato?
Bikóy, mahirap tanggapin ang iyong pagsísinungalíng.
Bakit mismong ikáw pa ang nagpawaláng-saysáy
sa iyo mismong sinumpaáng salaysáy?

Bikóy, totoó bang natukso ka sa limáng-daáng libo
para mag-imbento ng hindî totoó?
Hindî ba't mas malakí pa ngâ ang deposito mo sa banko?

Bikóy, isang araw, dumatíng ka sa Maynila, mula sa Kabikulan,
kayo ng kabiyák mo, gusgusín.
Sa iyong bibig nanggaling na may nagtatangkâ kang patayín.
Kayat kahit mahirap at mapanganib,
kinupkóp ka ng mga alagád ng Simbahan.
Itinuring ka bilang anák o kapatíd.
Inalagaan ka sa iyong pagkakasakít.
Pinag-nebulizer. Pinag-oxygen. Pinadoktór.
Binantayán ka sa panahóng masakít ang ulo,
nagsisikíp ang dibdíb, at maging noóng muntík
ka nang magbigtí sa hagdanan.

Bikóy, iláng beses ka ring humilíng ng misa,
ng Holy Water, ng rosaryo, ng krusipiho.
Humingî ka pa ngâ ng komunyón
noóng matagál na hindî kayo nakasimbá.
Hindî ba nagpamisa ka pa ngâ
para sa iyong mga mahál sa buhay?
Nanahimik. Nagdiwang. Nagdasál.
Patí ito ba, Bikóy, ay gawâ-gawâ lamang?

Bikóy, hindî ka lang makuwento.
Marami kang dinaláng dokumento.
Bukód sa ID, ipinakita mo ang "Tara" na listahan
ng mga sikretong pangalan at ng kaniláng hatián.
Ipinadalá mo rin ang makapál na dokumento
na galing sa mga banko.
Patibay itó na dati ka ngang miembro ng sindikato,
bagay na lagì mong pinagsisisihan.
Nais mo na sanang magbagong-buhay,
ngunit ayaw ka niláng tigilan.

Bikóy, sabi mo, hindî ka lang tumatakas sa kamatayan.
Naghahanap ka rin ng katarungan.

Katarungan para sa inimbentong kaso sa iyo
kaya ka nagdusa ng iláng taón sa preso.
Katarungan para sa mga pinasláng
nang waláng kalaban-laban.
Ngayón, Bikóy, imbento mo rin lang ba
ang kuwento mo na ikáw ay ampón,
at matagál din itong naging pabigát sa loób mo?
At drama lang ba ang bukambibíg mong masakít
na pagkamatáy ng mahál mong tiyuhin o *'Papangì,'*
na may magandá sanang plano
para sa inyong tribung Agtá sa Donsól?

Bikóy, minsan, nagdeliryo ka.
Hindî malaman ni misis mo ang gagawin.
Nang makaluwág ka nang paghingá,
ikinuwento mo ang pagmumultó
ng mga taong pinatáy nang waláng kalaban-laban
sa loób mismo ng tagóng kutà ng sindikato.
Saksí ka, wikà mo, sa dahás na dinanas ni Ka Erning,
na gustó nang kumalás sa sindikato,
ngunit patí asawa niya at mga anák na babae
ay ginahasà muna bago pinatáy
---mismong sa harapán mo.
At walâ kang nagawâ.
Walâ kang ginawâ. Walâ.
Kaya inuusig ka, wika mo, ng budhî mo.
Palabás ngâ lang ba ang lahát ng ito, Bikóy?

Bikóy, ano talagá ang nangyari?

Ganitó rin ang tanóng ng titig ni Jesus kay Pedro.
Pedro, matagál tayong nagsama, sa hirap at ginhawa.
Bakit sa isáng igláp, sa haráp ng hirap, biglâ kang umatrás?

Bikóy, naduwág ka ba
tulad ng maraming saksí sa krimen
ngunit takót na magíng testigo sa korte?

Bikóy, nanghinà ba ang loób mo
dahil parang waláng abogado
na handáng magtanggól sa iyo?

Bikóy, nagdilím ba ang iyong pananampalataya
dahil hatíng-hatî pa rin patí ang Simbahan
sa madudugóng usapíng panlipunan?

Bikóy, pakiramdám mo ba,
iniwan ka ng mga kasamang kumalás sa sindikato
dahil sumisingíl pa sila ng pera
para sa dagdág na mga ebidensiya?

Bikóy, nawalán ka ba ng tiwalà
na magkakaroon pa ng katarungan ang pagkamatáy
ng maraming biktima ng kawaláng ng hustisya?

Bikóy, aminin mo, walâ sa amin ang nagsuhol sa iyo.
Pagkát alám mo, at alám mong alám namin,
na higít pa rito ang naipon mo sa banko.
Makulit mo pa ngang inulit-ulit na babayaran mo
ang lahát ng gastos sa inyong pagkain
kapág luminaw na itong madugóng usapín?

Bikóy, tinakot ka ba nilá at ang iyong pamilya,
o tinapalan ka ng malakíng halagá?

Bikóy, hindî naman kayâ, gumuhô ang dibdíb mo
nang mariníg mo ang iyak ng iyong nakilalang iná
at ang pag-aalalá ng kapatíd mong dati'y malayò sa iyo?

Bikóy, masayá ka ba na makapiling ang iyong pamilya,
at gagawín mo ang kahit anó,
pati ang pagtalikod sa totoó sa loób mo,
huwág lang siláng mawalâ pa sa piling mo?

Bikóy, ngayón, walâ nang halagá ang iyong salitâ.
Walâ nang sa iyo ay maniniwalà.
Hindî na kasí matiyák ng tao,
kung alín sa salitâ mo ang totoó,
ano idinagdág o itinagò mo.

Bikóy, katulad ka na ng napakaraming
sumasalaulà at lumalapastangan sa salitâ,
sa kaniláng nanunumpâ sa haráp ng hukuman
subalit walâ naman talagáng balak manindigan.

Kung sa bagay, Bikóy, hindî ikáw
ang unang Pilipinong sangá-sangá ang dila.
Nagkalat ngayón sa lipunan at sa kasaysayan
ang mga balimbíng sa pulitika,
ang mga manggagantsong rekrutista,
at bayaráng mga trolls sa social media.

Bikóy, sayang! Akala namin, tulong ka
sa pagtugis sa tunay na mga utak ng droga.
Ngayón, lusót na silá.
Pinalusót mo silá.
Katulong ka sa pag-abswelto sa kanilá.
Burado na patí ang tattoô nilá.

Bikóy, hayán! Nalansí na namán ang mga tao.
Naligáw na namán ang pansín ng karamihan
at namámayagpág na namán ang mga tunay na kriminál.
At ang masamâ, baká sa hulí, ilaglág ka rin nilá.

Bikóy, mahirap aminin, pero totoó, naloko mo kamí.
Nagamit. At nagalit. Galít kamí sa iyo
dahil sa galíng mong magsinungalíng
at mandamay ng maraming ibáng tao.
Subalit ang magandá ay itó:
Lalong lumilitáw na kaya pa palá naming magalit
sa anumáng urì ng dayà, malakí man o maliit.
Hindî totoó na *"Honesty is not an issue."*
Isyu pa rin sa tao ang panloloko sa kapwâ-tao.

Nag-aalalá lang kamí ngayón, Bikóy, baká sabihin ng ibá,
"*Buti na lang, hindî tayo sumama diyán;*
baka patí tayo tulóy ay masunog.
Sapát na ang makagawâ ka ng konting kabutihan,
pabayaan mo na lang sa ibá ang katotohanan."
Malaking sakuná ito sa lipunan at sa Simbahan.
Hanggáng kailán tayo sasaló sa mga biktima ng pagpasláng,
kung araw-araw ay tulóy pa rin ang tokháng?
At iláng drug user ang makapágbabagong-buhay,
kung araw-araw ay lusót pa rin ang drug supply?
Hindî. Hindî dapat paghiwalayín

Ang paggawâ ng mumuntíng kabutihan
At ang paghanap sa malalim na katotohanan.
At hindî rin dapat humintô lang sa pagharáp sa katotohanan;
Kailangan ding destrungkahín ang nakabaóng kasinungalingan.

Kahit na ano'ng mangyari

Bikóy, sabi ng kapatíd mo:
"Ang prinsipyo pô ng pamilya namin
ay ilantád ang katotohanan.
Hindî pô kamí papanig sa kamalian,
kasí teacher pô ako.
Ang gustó ko pô ay katotohanan ang malantád."
Bikóy, gustó namin siyang makausap!

Bikóy, alám natin na masalimuot ang katotohanan
at hindî ito madalíng hagipin.
Mabuti na lang at ang katotohanan
ay hindî namán nakasalalay
sa iisáng tagapágsalaysáy.
Sa awà ng Poóng Maykapál.

Bikóy, may ibá pang Matobato at Lascanas na lilitáw,
mga aminadong may dugô sa kaniláng kamáy,
mga taong may mga bagay na pinagsisisihan,
ngunit hindî tumatalikod sa pananagutan.
mga Pilipinong nagsisikap na ipag-ugnáy
ang personál na pagbabagong-buhay
sa panlipunang pagbabangong-dangál.

Sa hulí, ang buóng katotohanan pa rin
ang magpapalayà sa atin---
hindî tagóng takot, hindî dayà o dahás,
at lalong hindî dagdág-bawás
na kasinungalingan.

Kaya Bikóy---may Bikóy man o walâ---
itutulóy namin ang marubdób na panata
na hanapin at harapín ang katotohanan.

Mangyari na kung anó ang dapat mangyari!